OICA

ML @50

Tugon at Tindig ng Sining

Sa 21 Setyembre 2022, gugunitain ang ika-50 anibersaryo ng pagsasailalim ng Pilipinas sa Batas Militar ng rehimeng Marcos. Malalim at marahas ang naging epekto nito sa demokrasya—ang pagyurak sa mga karapatang pantao; paghina sa kapangyarihang sibilyan; opresyon sa mga maralita, mga katutubong grupo, at marhinalisado sa lipunan; pagkitil sa kalayaan sa pagpapahayag; pagbaluktot sa pag-unawa sa ating kasaysayan at kultura; at nagdulot ng malawakang collective trauma sa iba't ibang larangan ng buhay Pilipino.

Ang pagbabalik-tanaw sa madilim na yugto ng ating kasaysayan ay lubhang kinakailangan sa kasalukuyan dahil na rin sa mga banta sa kalayaan, lalo na sa prinsipyo ng academic freedom. Dahil dito, magdaraos ng mga aktibidad ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman na gugunita sa panahon na ito at ang mga naging tugon ng mga iskolar-artista ng bayan sa mga hamon sa kalayaan at pamumuhay. Gayundin, hangarin ng proyekto na magbigay-pugay sa mga sakripisyo ng sambayanan na nagsikap palayain ang ating bayan mula sa mapaniil na diktaduryang Marcos.

Sa larangan ng sining, tumugon at nanindigan ang mga artista ng bayan sa gitna ng paniniil sa mga karapatang pantao at pagsikil sa malayang pagpapahayag. Naging lunsuran ang konsepto ng sining protesta para sa mga likha sa sining biswal, panitikan, musika, pelikula, dula, at iba pa, na nagbigay-diin sa ugnayan ng sining at lipunan, taglay ang kritikal na perspektiba ng pag-unawa sa kondisyong Pilipino. Nagkaroon din ng mga paradigm shifts sa mga batayang konsepto ng sining – sa produksyon ng paglikha, sirkulasyon, at resepsyon ng sining – na nagpalawak ng kahulugan at estetika ng "*art for social transformation*" na pinalawig sa mga pag-aaral ni Propesor Emeritus Alice Guillermo, kasama ng iba pang mga iskolar sa sining Pilipino.

Kinikilala na mahalaga ang papel ng pamantasan sa pagtunton ng mga usaping kaugnay sa batas militar/diktadurya, at ang naging epekto nito sa sining at kondisyong Pilipino. Dahil dito, magsasagawa ng mga proyekto ang mga kolehiyo at yunit sa larangan ng Humanidades at Agham Panlipunan na tutugon sa mga layunin ng komemorasyon:

1. gunitain at bigyang-diin ang kasaysayan ng bayan sa panahon ng Batas Militar, mulat sa mga suliraning pang-edukasyon ukol dito, gayundin ang paglimot at pagbaluktot sa kasaysayan ng bansa na pabor sa interes ng iilan;

2. magsagawa ng mga proyektong talakayan na bibigyang-diin ang tugon at tindig ng sining sa ilalim ng diktaduryang Marcos, taglay ang malawak at kritikal na perspektibang pangkasaysayan at pangkultura; at

3. parangalan ang mga artista at mga kilusang pansining na lumaban sa diktadurya at kalabisan ng mga may kapangyarihan.

MGA BAHAGI NG PROYEKTO

Kamao ang Hugis ng Puso: Neil Doloricon Retrospective

College of Fine Arts

15-30 September 2022

Gallery One, UP Fine Arts Gallery (Exhibit)

Atrium or Front Lawn (Program)

This is a proposal for a two-pronged program: first, is a one month multimedia exhibition containing artworks, writings, memorabilia, films that are by and about Neil Doloricon; second, is a performance and talk on themes emanating from text, scenes, objects that are exhibited to be performed/delivered by invited family members, artists, scholars, and activists who have worked with Doloricon in his lifetime.

The title and theme of this project is Kamao ang Hugis ng Puso,´it alludes to the essence of Doloricon's life and work, his passion (puso) being always entangled with a cause and struggle (kamao).

This retrospective exhibition and public program aims to memorialize and popularize the life and work of the late Prof. Leonilo Ortega Doloricon (1957-2021): former Dean of the UP College of Fine Arts and respected Social Realist artist whose compelling portrayals of the working class Filipinos during and after Martial Law are an important part of Philippine and Southeast Asian art history.

The proponents are Dr. Dayang Nirvana Yraola, Prof. Lisa Ito-Tapang, and Dean Marc San Valentin of the UP College of Fine Arts.

The Marcos Regime Research: In Print and Online

Third World Studies Center

23 September 2022 | 4:00PM

Book and Website Launch

Third World Studies Center Conference Room

The Center's Marcos Regime Research group is in the process of (1) producing a book which tackles Marcos disinformation, and (2) establishing an online platform which is envisioned as a repository of materials that can combat the barrage of pro-Marcos propaganda in print and online. The book aims to look into how essential myths or fictions about the Marcoses—the same myths or fictions that resulted in the political rise of Ferdinand Marcos and the establishment of his conjugal dictatorship with his wife, Imelda—were formulated, promulgated, amplified, and sustained decades after the fall of the Marcos dictatorship. The website, on the other hand, will be a trove of all of the program's outputs since 2013—the (forthcoming) book, journal articles, published primary sources, multimedia assets, as well

as external links to a wealth of materials that the public may use in their attempts at truth-telling regarding the Marcos regime.

The lead proponent is Prof. Soledad Natalia M. Dalisay, Ph.D., of the Third World Studies Center, College of Social Science and Philosophy

Kwentong Mulat - ML@50

UP Asian Institute of Tourism

30 September 2022, 10AM-12NN (Launch of the virtual tour website)

30 September 2022, 3:00-5:00PM (Onsite walking tour)

Hybrid Tour (onsite and online)

In 2019, the UP Asian Institute of Tourism, in partnership with the Office for Initiatives in Culture and the Arts, launched the Diliman Walking Tours with five themes featuring sites, buildings, flora, fauna, and events unique to U.P. Diliman. Among these tours was the Diliman Commune Walking Tour. Designed as a "walk down memory lane." The Diliman Commune Walking Tour revisited U.P. Diliman's significant contribution to the resistance against an authoritarian regime in a series of student-led movements leading to the 1st Quarter Storm. In 2021, a virtual tour of the same walking tour was developed as AIT's contribution to keeping the memories of what the national university fought for during those tumultuous times.

This year, in commemoration of the 50th anniversary of the Martial Law, we propose an updated, Martial Law-themed tour (building on the Diliman Commune Virtual Tour), which will be more inclusive by developing it into a hybrid experience. It will incorporate digital humanities to make the events' stories more vivid and alive for tour participants on both onsite and online platforms. Digital humanities refer to "scholarship focused on the human experience that utilizes technology to interpret data and present conclusion" (Anderson et al., 2017).

This project aspires to expand the reach and breadth of the walking tour and incorporate the strength of tourism in the narratives of the history of nation-building, class formation, and academic freedom.

The project will be headed by Dr. Ramon Benedicto Alampay of UP Asian Institute of Tourism.

"A Name by Candlelight": *Subversive Lives* Then and Now

College of Arts and Literature

24 September 2022 | 6:00PM

Virtual or Hybrid Stage Reading

The one-night-only show is a staged reading of adapted excerpts from the book *Subversive Lives: A Family Memoir of the Marcos Years*. The byline of the book credits Susan F. Quimpo and Nathan Gilbert Quimpo as authors, but the memoir is a collective chronicle of the Quimpo siblings as they lived and fought to live during the Marcos regime. The dramatic adaptation highlights the life and untimely death of one of the Quimpo siblings, affectionately known as Jun, shedding light on how Martial Law was a significant point in history not just in the societal sense but also in the personal.

The reading will hold a talkback at the end of the show featuring the persons involved in the creation of the project. More importantly, this talkback will include and prominently feature Nathan Gilbert Quimpo, one of the siblings who authored the book, during which he can share his insights on the experiences featured in the book. This aims to engage the audience and give a sense of gravity and immediacy to the Quimpos' stories; this is to show that these stories are not just static words on a page, but an account of lived experiences.

The staged reading is in collaboration with the Martial Law Chronicles Project (MLCP), the group founded by the late Susan Quimpo. The event will occur preceding one of the book clubs on *Subversive Lives* that MLCP plans on conducting.

Tugon at Tindig: Martial Law Memorial Tiktok Challenge (Social Media Platform)

College of Mass Communication

14 September 2022 | 2:00PM (Launch)

17 October 2022 | 2:00PM (Announcement of Winners and Awarding)

Tiktok has emerged as a crucial social media platform in the circulation of information about Martial Law. While there have been no studies that determine the extent to which such information actually disinform, misinform, or malinform, the presence of Tiktok content with questionable facts and intent is palpable.There have been efforts to fact-check or to produce materials that contest such content. However, these relatively newer efforts remain limited in scope. It may be expected that a fresh round of dubious Martial Law content will flood Tiktok in the upcoming 50th anniversary milestone of the proclamation of Martial Law. There is a need, therefore, to provide content in Tiktok about Martial Law that is factual. Likewise, given the nature of Tiktok, such material must be similarly engaging and inclusive if it is to be wide-reaching and viral

This project involves a Tiktok content creation contest on Martial Law. It is designed to:

* Generate factual content to contest and mitigate disinforming and misinforming materials about Martial Law
* Incentivise members of the public to sufficiently reflect upon Martial Law as they create such factual content
* Create a community of content creators that uphold facticity as regards Martial Law and allied topics

Who can join:

All currently enrolled, undergraduate students in any of the University of the Philippines constituent units and Grades 11 and 12 of the UP Integrated School (UPIS).

The lead proponent is Dean Fernando dlC. Paragas, Ph.D. of College of Mass Communication.

Martial Law Film Series (Pilot)
Lino Brocka's Manila in the Claws of Light
UP Film Institute
20 September 2022 | 2:00-5:00PM (Film Screening)

The pilot presentation will be shown in the Cine Adarna, and streamed on UPFI's Vimeo and Facebook accounts (pending legal permissions). The first film will be Lina Broka's *Manila in the Claws of Light* hosted by Dr. Rolando Tolentino.

The UPFI would like to honor both artists and ordinary citizens who endured Martial Law with an ongoing series of monthly film screenings during AY 2022–2023 (beginning September 2022). We are currently requesting funding from the Chancellor's office for a single screening which will serve as a Pilot for the anticipated Series.

Each screening will pair a UPFI critic with a civilian who was born in the same year and who suffered under ML. Together they will choose a Martial Law era film to screen and then host the discussion that follows. Each Presentation will be approximately 3 hours long.

The lead proponent is Prof. Rob Rownd of UP Film Institute, College of Mass Communication.

Malaki ang papel na ginagampanan ng sining biswal sa paglantad, pagpuna, at pagtuligsa sa mga mapanupil na kaganapan at kondisyon sa lipunan. Ito ay malinaw na naipamalas noong dekada '70 kung saan ang bayan ay isinailalim sa karimarimarim na Batas Militar. Sa kabila ng mga aktong pagsensura at banta sa seguridad na ipinatupad ng pamahalaang diktadurya, tuwiran at di-tuwirang ipinahayag ng mga artista at mga grupo ng mga artista ang kanilang mga saloobin at mithiin para sa bayan sa pamamagitan ng kanilang sining protesta. Sa pagpapatalsik sa mga Marcos na napagtagumpayan noong 1986, hindi nagwakas ang hamon at pangangailangan na tumugon ang sining sa mga sari-saring isyung ikinaharap ng iba't ibang sektor ng lipunan.

Sa pagnanasang ilapit ang kanilang sining sa nakararami, humayo ang maraming artista at mga grupo mula sa paggamit ng mga kanonikal na uri ng sining biswal, tulad ng mga pinta o eskultura; at isinakasangkapan rin ang mga popular na midya, tulad ng mga karatula, banner, polyetos, editorial cartoon, at iba pa. Imbis na nakapaloob lamang sa mga museo at institusyong pangkultura ang sining, nagiging espasyo rin nito ang mga lansangan kung saan makikita at maririnig ng mas nakararami ang mensaheng nakapaloob sa mga ito. Mahihinuha rin na ang mga artista ay naging bahagi ng mga grupo kung saan nila tinalakay ang mga isyung panlipunang nais tugunan at paminsa'y lumikha ng mga obra nang magkakasama. Iginigiit ng pag-iral ng mga grupong ito ang kahalagahan ng kolektibong layunin at pagkilos gamit ang sining para sa ikabubuti ng bayan. Sa pamamagitan ng mga puntong nabanggit, maaaring suriin ang sining protesta bilang pagbatikos hindi lamang sa elitistang pananaw ukol sa sining kundi pati na rin sa romantikong pagtingin sa artista bilang sole genius sa proseso ng paglalang ng sining.

Layunin ng eksibisyon na magbalik-tanaw at ipagbunyi ang potensyal ng sining biswal sa pagpapahayag ng mga katotohanang panlipunan sa gitna ng mapanggipit na panahon. Binabalangkas ng eksibisyon ang mga tema na nakaangkla sa mga danas ng bayan mula sa nakaraan, na siyang kakikitaan ng kaugnayan sa kasalukuyan. Itatanghal ang litrato ng humigit kumulang 50 obra ng sining protesta sa lansangan, partikular na sa kabuuan ng UPD Academic Oval, upang maging lagusan ng diskusyon at repleksyon ukol sa sining protesta bilang mahalagang daloy sa kasaysayang Pilipino. Ibabatay ang pagpili ng mga imahe sa mga lathalain ukol sa sining protesta, mga kilalang pintor na naging bahagi ng Social Realists, at mga art collectives na saklaw ng kategorya ng sining protesta mula dekada '70. Sisikapin na isama ang mga likhang-sining na nasa pangangalaga ng mga yunit sa UP Diliman upang mapag-ibayo ang potensyal nito bilang instructional material para sa mga mag-aaral ng sining at kasaysayan, gayundin bilang pagkilala sa mga obra na ito bilang kayamanang kultural ng unibersidad.

Sisikapin ng proyekto na magkaroon ng programang pang-edukasyon na mapag-ibayo ang malikhain at kritikal na pag-unawa sa relasyon ng sining at lipunan. Sa pamamagitan ng Poster Making Contest at isang kampanya sa social media, mabibigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na mabigyang imahinasyon ang diwa ng sining protesta sa kasalukuyang panahon. Hihimukin ang sasali sa patimpalak na pagnilayan ang mga nakikitang suliranin sa kasalukuyang panahon at mga posibleng landas sa mas mainam na kinabukasan.

Ito ay mungkahing proyekto ng UPD Bulwagan ng Dangal Museum at UPD OICA sa pangunguna ni Prop. Cecilia S. De La Paz, PhD.

Pagtindig: Mga Tala sa Papel ng Akademikong Larang ng Malikhaing Pagsulat, Panitikan at Wika Kontra Batas Militar Hanggang Kasalukuyan

Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

23, 30 September 2022 | 3:00-5:00PM

Mga Panayam (Online) at Koleksyon

Kaligiran

Anim na taon matapos matatag ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, idikineklara ang Batas Militar. Maraming mag-aaral, guro, at kawani ang tumindig at tumutol sa tahasang paglabag sa karapatang pantao sa panahong ito. Mayroong nag-*underground* at mayroong ipinagpatuloy ang pagsulong ng pagmulat ng lipunan sa pamamagitan ng malikhaing pagsulat at pagtatanghal gayundin ang pananaliksik sa panitikan at wika. Hindi rin matatawaran ang mga guro na nanatiling matatag sa prinsipyo at nanungkulan bilang mga guro't gurong administrador sa panahon ng Batas Militar.

Rasyonal

Ang pag-iral ng ng paninindigan ay importanteng mapaunawa upang mas matibay na ipakita na hindi nahihiwalay at dapat hindi ihiwalay ang akademikong larang sa lipunan at kulturang ginagawalan. Samantalang pinipilit na baguhin ang naging karanasan ng lipunan sa panahon ng Batas Militar, mahalagang manindigan na mayroong nangyaring pang-aabuso sa karapatan ng mamamayang Pilipino. Naitatala ito sa mga malikhaing akda at mga pag-aaral at pananaliksik sa wika at panitikan.

Layunin

Inaasahan, sa pamamagitan ng serye ng panayam, na mapakintal sa mga miyembro ng komunidad ng unibersidad at ng publiko ang pagsasangkapan ng akademiya upang itala at labanan ang Batas Militar. Sa espesipiko, layon ng mungkahing proyekto na:

1. mag-imbita ng mga guro ng departamento na magbahagi ng kanilang karanasan sa panahon ng Batas Militar;
2. magtalakay sa bisa ng akademikong larang na naging daluyan ng karanasan at repleksiyon ng katotohanan mula panahon ng Batas Militar hanggang kasalukuyan;
3. mapaunawa sa komunidad ng unibersidad at ng publiko ang lugar ng mga akademikong larang sa pagtindig para sa totoong nangyari; at
4. makabuo ng isang koleksiyon ng sanaysay batay sa mga nagawang panayam.

Inaasahang Output

Batay sa layunin, inaasahan na makapagsagawa ng tatlong serye ng panayam sa loob ng dalawang linggo. Sa huling seryeng panayam, ilulunsad ang koleksiyon ng mga sanaysay na ibinahagi sa mga serye ng panayam. Ang anyo ng koleksiyon sa parehong *hardcopy* at online material.

Iimbitahan ang sumusunod na guro ng departamento:

Wika: Dr. Pamela Constantino at Dr. Ruby Gamboa Alcantara
Panitikan: Dr. Rosario Torres-Yu at Dr. Apolonio Chua
Malikhaing Pagsulat: Dr. Glecy C. Atienza

Paglulunsad at Pagmumulat: Ang GE Kursong Philippine Studies 21 (PS 21) sa Paggunita sa ika-50 Anibersaryo ng Batas Militar ni Marcos, Sr.

Larangan ng Philippine Studies, DFPP
29 September 2022 | 2:00-4:00PM
Paglulunsad ng lektura at aklat (On-site na Programa)

Tunay na makasaysayan ang institusyonalisasyon ng Philippine Studies 21 (Wika, Kultura, at Panitikan sa Ilalim ng Batas Militar sa Pilipinas) bilang opisyal na kursong GE sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong Ikalawang Semestre, Taong Akademiko 2019-2020 bilang kauna-unahang kurso sa Pilipinas na nakatuon sa malaliman at matalas na pagtalakay sa wika, panitikan at kultura sa ilalim ng Batas Militar. Bilang bahagi ng pagpapaunlad sa kurso at pagsasanay sa mga guro, isinagawa ng GE Center at PS 21 Cluster ng UP Diliman, UP Los Banos, at UP Cebu ang *Palihan: PS 21 Faculty Development Program* noong Unang Semestre, TA 2021-2022. Sa nasabing proyekto, matagumpay na nakapagbahagi ang mga eksperto tungkol sa mga implikasyon ng Batas Militar ni Marcos, Sr. sa akademya, midya, politika, ekonomiya at iba pang sektor ng lipunan. Tinipon ang mga lektura na nagbigay-tuon sa nilalaman at paraan ng pagtuturo upang mabuo ang aklat at bidyo na tumatalakay sa panahon ng diktadura sa Pilipinas.

Sa pagtutulungan ng PS 21 Cluster, Larangan ng Philippine Studies ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Sentro ng Wikang Filipino, TVUP at GE Center, ilulunsad ang aklat at bidyo bilang bahagi ng paggunita sa ika-50 anibersaryo ng proklamasyon ng Batas Militar noong Setyembre 21, 1972. Bukod sa promosyon ng kursong PS 21, mahalaga ang nasabing paglulunsad upang ipabatid na mayroong ganitong mga materyales na maaaring magamit hindi lamang ng mga taga-UP kungdi lahat ng may akses sa TVUP at limbag at digital na aklat. Sa panahon kung kailan nagbabalik sa kapangyarihan ang pamilya ng diktador at lalong lumalaganap ang distorsiyon at negasyong historikal, nararapat lamang ang paglikha ng iba't ibang paraan upang higit na pagtibayin ang pagpapahalaga sa kasaysayan, katotohanan at kalayaang akademiko.

The Art of Disquiet and Rage

Department of Art Studies

28 September 2022

(Hybrid Symposium)

In 1982, Jose F. Lacaba published Days of Disquiet, Nights of Rage, chronicling the First Quarter Storm, the historic wave of protests on the eve of Martial Law in 1972. With Proclamation No. 1081, civil liberties were suppressed—most brutally by the suspension of the writ of habeas corpus—and mass media silenced, leaving only state-operated platforms. Dissent was crushed actively and preemptively in the cities and countryside. However, this dark night of our national soul has also resulted in an unprecedented flourishing of art and culture driven to express the unspeakable and give voice to the struggling masses. On the commemoration of its 50th year, it is clear that Martial Law has left a legacy of violence and impunity that continues to this day with the Anti-Terror Law, among other policies. Now, we are at the eve of historical revisionism writ large.

The Department of Art Studies proposes a hybrid symposium on Protest Art during Martial Law and the present highlighting their similarities and differences. A dialogue will be held between artists of the 1970s-80s and current practitioners of protest art, to be moderated by DAS faculty (one senior and one junior). Two to three artists from each time period (i.e., generation) will be invited to share their experiences as artists who have taken up the cause of the masses. Along with their recollections, the artists will be invited to share their collections--thereby demonstrating the continuity of themes and the persistence of struggle. The objectives are to connect generations of artists, draw lessons from the past, and inspire future artists and cultural workers.

The lead proponent is Prof. Sofia G. Guillermo of the Department of Art Studies, College of Arts and Letters.

KAL Bahaginan Research Forum: BANWAG: Sining sa Panahon ng Batas Militar, Paglikha para sa Bayan at Kinabukasan

Kolehiyo ng Arte at Literatura

26-30 Setyembre 2022 | 4:00PM

Sa paggunita sa ika-50 Taon ng Deklarasyon ng Martial Law, itatampok sa espesyal na edisyon ng **CAL Bahaginan Research Forum** ang ilang piling personalidad na magbabahagi ng kanilang karanasan, pagninilay, at mga aral kaugnay ng lagim sa panahon ng Martial Law at ang naging diwa ng pagkakaisa, kabukasan ng loob, pakikipagkapuwa, at pagtutulungan na nalikha ng sining sa panahon ng Martial Law, at ang naging dulot na pagbabago bilang tanglaw ng pagbabago para sa bayan. Nagpapatuloy ang naging tindig ng sining laban sa Batas Militar at sa lahat ng laban ng bayan para sa kalayaan. Ang salitang "banwag" sa pamagat ay Sebwano na nangangahulugang "tanglaw."

OICA Learning Resource Dissemination and
Social Media Campaign Project
UPD-OICA
15-30 September 2022 (Online Campaign)
UPD-OICA Youtube Channel and Facebook Page

Muling ilalabas sa online na plataporma ang ilan sa mga naisagawang proyekto ng UPD–OICA na may kaugnayan at may importansya sa kasalukuyang tema, tulad ng *HIMIGSIKAN sa Jingle Magazine: Malayang Tipaan at Kuwentuhan* at *Gunita sa Karimlan ng Batas Militar* mula sa sipi ng Indigo Child, atbp. Ang mga proyektong ito ay bahagi ng UP Diliman Arts and Culture Festival 2022.

Opisina ng Tsanselor

COLLEGE OF ARTS AND LETTERS

DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT PANITIKANG PILIPINO 1966 U.P.

UNIVERSITY of the PHILIPPINES FILM INSTITUTE

THIRD WORLD STUDIES CENTER

Bulwagan ng Dangal
University Heritage Museum

UPDIO

#ML50
#UPDTugonAtTindigNgSining
#NeverAgain
#NeverForget

bit.ly/ML50UPDiliman

oica.upd.edu.ph

oica.upd@up.edu.ph
specialprojects_oica.upd@up.edu.ph

(02) 8981-85-00 local 2659-2660

@updoica

www.youtube.com/c/UPDOICA